

1.0 *Introduksyon*

1.1 Ang mga Ayta sa Paligid ng Bulkang Pinatubo

Ang mga Ayta na nasa paligid ng Bulkang Pinatubo ay bahagi ng mga Negrito group sa Pilipinas. Kung pagbabatayan ang kanilang panlabas na katangian, makikilala ang mga Negrito sa kanilang balat na matinkad na kayumanggi, kulot na buhok,



Larawan 1.1. Imahe ng mag-inang Ayta
(Kuha ni Francisco Rosario, Jr.)

at katamtamang taas. Sa Pilipinas, iba-iba ang mga ginagamit na katawagan sa pagtukoy sa mga Negrito: *Ayta*, *Ita*, *Baluga*,¹ *Dumagat*, at *Agta* para sa mga nasa hilagang-silangan ng Luzon, at *Ati* naman sa mga nasa Visayas. Karaniwan ding ginagamit ang *katutubo*, gayundin ang mga katawagang tulad ng *taga-bundok* at “*kulot*” na ibinatay sa lugar ng kanilang tirahan at pisikal na katangian (Seitz, 2004).

Ang mga Ayta sa paligid ng Bulkang Pinatubo ay mahahati sa iba’t ibang grupo. Ayon kay Seitz (2004), ang mga Ayta ay inuuri at pinapangalanan base sa distrito o lugar kung saan sila naninirahan. Sa hilagang-kanluran, matatagpuan ang mga Ayta sa Botolan na nagkaroon ng malapit na ugnayan sa mga kapitbahay nilang “*unat*” na karamihan ay mga

¹ Itinuturing na derogatory ang katawagang ito sa mga Ayta na may kaugnayan sa kanilang pisikal na katangian (maitim na balat, kulot na kulot na buhok at katamtamang taas) na nagiging dahilan ng diskriminasyon sa kanilang grupo.

Sambal. Bago sumabog ang bulkan, kilala rin ang mga Ayta sa Botolan bilang mga Ayta sa Villar.

Ang mga Ayta sa San Marcelino naman ang umuukupa sa timog-kanlurang bahagi ng bulkan. Tulad ng mga Ayta sa Botolan, mayroon na ring kontak ang mga Ayta sa San Marcelino sa ibang mga pangkat-kultural, partikular na sa mga Ilokano. Sa silangang bahagi ng Pinatubo, matatagpuan ang mga Ayta sa Tarlac na karamihan ay nakatira malapit sa Sacobia River, habang ang mga Ayta sa Pampanga ay nasa bayan ng Porac. Isa pang grupong di-agarang naapektuhan ng pagsabog ng bulkan ay ang mga Ayta sa Bataan (Seitz, 2004: 12).

1.2 Ang mga Ayta sa Porac

Isa ang bayan ng Porac, Pampanga sa mga lugar kung saan matatagpuan ang ilang grupo ng mga Ayta sa bansa. Nasa kanlurang bahagi ito ng lalawigan at may total land area na umaabot sa 34,310 ektarya. Sa pagdagsa ng mga mamumuhunan tulad ng Ayala Land, Inc. at LLL Holdings, gayundin ang lapit nito sa Clark International Airport at Subic Bay Seaport, itinuturing sa kasalukuyan ang Porac bilang umuusbong na industrial hub ng



Larawan 1.2.

Ang lokasyon ng Porac sa Pampanga (http://en.wikipedia.org/wiki/File:Ph_locator_pampanqa_porac.png)


Central Luzon (Municipality of Porac, Province of Pampanga, 2015).

May 29 na barangay ang bayan ng Porac – Babo Pangulo, Babo Sacan, Balubad, Calzadang Bayu, Camias, Cangatba, Diaz, Dolores (Hacienda Dolores), Jalung, Mancatian, Manibaug Libutad, Manibaug Paralaya, Manibaug Pasig, Manuali, Mitla Proper, Palat, Pias, Pio, Planas, Poblacion, Pulong Santol, Salu, San Jose Mitla, Santa Cruz, Sepung Bulaun, Siñura, Villa Maria, Inararo, at Sapang Uwak. Batay sa 2015 Census of

Population, umabot sa 124,381 ang bilang ng populasyon sa bayang ito (Philippine Statistics Authority, 2016).

Ang pagsabog ng Bulkang Pinatubo noong 1991 ay nagdulot ng malaking pagbabago sa buhay ng mga nakatira malapit dito. Sa Porac, natabunan ng lahar ang Camias, Cangatba, Diaz, Inararo, Mancatian, Manibaug Pasig, San Jose Mitla, Mitla Proper, at Poblacion kaya't napilitan ang mga residente na lisanin ang lugar at manirahan sa mga pansamantalang relocation site sa Tarlac at Nueva Ecija (Municipality of Porac, Province of Pampanga, 2015).

Noong 1992, itinatag ang Mount Pinatubo Commission (MPC)² upang maisaayos ang mga resettlement site ng mga matinding naapektuhan



Larawan 1.3. Redistribusyon ng mga Ayta pagkatapos ng pagsabog ng Bulkang Pinatubo noong 1991 (Gaillard, 2006: 12).

² Ang Mount Pinatubo Commission ay ang dating Task Force Pinatubo na unang inilunsad noong 1991 bilang tugon ng gobyerno sa mga pinsalang idinulot ng pagsabog ng Bulkang Pinatubo.

ng kalamidad (Gaillard, 2006). Ang mga dating residente ng Cangatba, Mancatian, Manibaug Pasig, Mitla Proper, Poblacion at San Jose Mitla ay inirelocate sa Pio Model Community. Dinala naman ang mga Ayta mula sa Inararo sa Planas Tent City noong 1997 (Municipality of Porac, Province of Pampanga, 2015).

Makikita sa Larawan 1.3 ang kabuuan ng naging distribusyon ng mga Aytang nakatira sa paligid ng bulkan pagkatapos ng pagsabog nito. Ang ilang lugar ay tuluyan nang iniwan ng mga residente ngunit ang ilan naman ay binalikan at muling tinirahan. Makikita rin sa Larawan ang mga naging resettlement area ng mga Ayta. Mapapansin din na pagkatapos sumabog ng bulkan, ang Inararo na isa sa mga matinding nasalanta ng pagsabog ay nilisan ng mga residente nito. Nagkaroon naman ng panibagong Inararo, sa isang bagong lokasyon, na nagsilbing resettlement area ng mga naaapektuhang Ayta.

1.3 Ang mga Ayta Mag-antsi

Ang Ayta Mag-antsi ay isa sa mga grupo ng Ayta na nakatira sa mga probinsya ng Zambales, Tarlac, at Pampanga. Tulad ng ibang grupo ng Ayta, ang pagtatanim ng mga lamang-ugat, prutas, at pangangalap ng mga ligaw na halaman at gulay ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga Mag-antsi; samantala, ang ilan naman ay nangangaso at nagsasaka. Ngunit, ayon sa mga nakakasalamuha nilang Kapampangan, Sambal, at Ilokano, mapapansin ang pagkakaiba ng mga Ayta sa mga unat sa economic behavior ng mga ito. Tulad ng sa pangangaso, nasusunod ng mga Ayta ang konsepto ng immediate return-system maging sa pagsasaka (Seitz, 2004: 6). Ibig sabihin nito, nakatuon lamang sila sa mga agarang benepisyo na makukuha mula sa kanilang mga naaani. Karamihan ay walang pangmatagalang sistemang sinusunod na makakatulong at makakapagtustos hindi lamang sa kanilang pansamantalang pangangailangan, kundi maging sa hinaharap.

Tulad ng nabanggit na, noon pa ma'y mayroon nang kontak ang Ayta sa mga "unat." Ang iba't ibang grupo ng Ayta ay nagkaroon ng ugnayan sa mga Sambal, Ilokano at Kapampangan na malapit sa kanilang mga tirahan. Halimbawa nito ang ilang Ayta na nakatira malapit sa noo'y Clark Air Base

na nagsilbing mga tagabantay, jungle survival instructor at janitor sa naturang Air Base. Ang ibang nakasalalay sa agrikultura ang pamumuhay, ikinalakal ang kanilang mga produkto sa mga pamilihan sa bayan sa tulong ng mga Kapampangan na nagsilbing mga middleman. Pagkatapos sumabog ng bulkan, nagkaroon ng mas malapit at regular na interaksyon ang mga Ayta sa mga “unat” nang magkasama-sama sila sa mga evacuation center (Gaillard, 2006).

Sa Porac (partikular na sa Inararo at Villa Maria), pagtanim ng saging, gabi, kamote at mga gulay ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga Ayta. Pandagdag-hanapbuhay naman ang paggawa ng uling, gayundin ang pangangaso at pag-aalaga ng iba’t ibang hayop tulad ng baka, baboy, kambing, manok at itik. Kapag handa nang ibenta ang mga produkto, ang mga negosyanteng taga-bayan na mismo ang umaakyat at pumupunta sa tirahan ng mga Ayta upang bilhin ang mga ito.

1.4 Survey ng sitwasyong pangwika sa Inararo at Villa Maria

Sa Inararo at Villa Maria kinuha ang mga linggwistik na datos na ginamit para sa pag-aaral na ito. Kabilang ang dalawang barangay na ito sa mga binuong resettlement site ng MPC para sa mga Ayta.

Kung babalikan ang Larawan 1.3, makikita na ang dating lugar ng



Larawan 1.4. Imahe ng Sitio Tarik sa Villa Maria.

Inararo ay isa sa mga matinding naapektuhan ng pagsabog ng bulkan. Nagkaroon ng panibagong resettlement site, at tinawag din itong Inararo (dito sa bagong Inararo isinagawa ang koleksyon ng linggwistik na datos). Sa kaso ng dating Inararo, katulad ng ibang lugar na naapektuhan ng pagsabog, nang

makita ang posibilidad na maaari na itong tirahan at muling pagtaniman, may ilan na bumalik at piniling manirahan sa lugar.

Ayon sa 2015 Census of Population, umabot sa 714 ang bilang ng populasyon sa Inararo (Philippine Statistics Authority, 2016). Sa aming interbyu sa ilang residente, karamihan sa mga taga-Inararo sa kasalukuyan ay pawang mga residente rin ng dating Inararo. Mga Ayta na pawang magkakamag-anak din ang nakatira sa lugar. Mapapansin ding may mangilan-ngilang “unat” na nakatira dito.

Hindi nalalayo ang ganitong sitwasyon sa Villa Maria, ang katabing barangay ng Inararo. Sa parehong datos ng 2015 Census of Population, umabot sa 839 ang bilang ng populasyon sa barangay na ito (Philippine Statistics Authority, 2016). Sa aming naging obserbasyon, kapansin-pansin na bagamat nasa iisang barangay, may tila hanggahan na naghihiwalay sa mga “kulot” at “unat.” Sa pinakamataas na bahagi ng barangay, makikita ang lugar na tinatawag na “tarik” kung saan matatagpuan ang magkakalapit na kabahayan ng mga Ayta. Sa ibabang bahagi naman ay matatagpuan ang mga “unat” na karamiha’y mga Kapampangan. May ilang residente ring mula pa sa Maynila, Bulacan, Naga, at Samar. Bukod sa inter-ethnic marriage, ang potensyal sa magandang negosyo ang isa sa mga dahilan ng pagkakaroon ng multikultural na set-up sa Villa Maria.

Kung isasaalang-alang ang mga ganitong kundisyon, hindi nakapagtataka na maging multilinggwal ang sitwasyon sa dalawang barangay. Sa Inararo, ang ilang kaso ng inter-ethnic marriage ang dahilan ng pagkakaroon ng ilang speaker ng Ilokano at Ivatan sa lugar. Sa Villa Maria naman, bukod sa wikang Mag-antsi at Kapampangan, karamihan din sa mga Ayta ay gumagamit ng wikang Ayta Mag-indi. Kung pagbabasehan ang pag-iral ng iba pang wikang Ayta sa lugar, malinaw na ang inter-ethnic marriage ay nangyayari rin sa pagitan ng iba’t ibang grupong kinabibilangan ng mga Ayta.

Ang Ayta Mag-antsi ang pangunahing wika na ginagamit sa Inararo at Villa Maria. Malaki rin ang papel na ginagampanan ng mga wikang Sambal,

Kapampangan, at Filipino sa pamumuhay ng mga Ayta, lalo na sa mga gawaing may kinalaman sa edukasyon, negosyo, at pulitika.

1.5 Wikang Ayta Mag-antsi

Ang Mag-antsi ay isang wikang Ayta na ginagamit ng tinatayang 4,200 Ayta sa ilang sitio ng Bamban at Capas sa Tarlac, Mabalacat at Sapang Bato sa Pampanga at Zambales (Stone, 2006). Ang Ayta Mag-antsi, kasama ang Ayta Abellen, Ayta Ambala, Ayta Mag-indi, Bolinao, Botolan Sambal, at Tina Sambal ang bumubuo sa Sambalic Language Family.

Sa pagkukumpara sa mga wikang Sambal, natuklasan ni Roger Stone (2008) na pinakamalapit ang Mag-antsi sa wikang Ayta Mag-indi; may 83% composite cognate score sa dalawang wikang ito. Sinusundan naman ito ng Botolan Sambal (80%), Ayta Abellen (75%), Ayta Ambala (71%), Tina Sambal (61%) at Bolinao (60%).

Mangilan-ngilan pa lamang ang mga pag-aaral na isinagawa sa wikang Mag-antsi. Marahil, ang diksyunaryong binuo nina Kurt at Margaret Storck (2005) ang maituturing na pinakakomprehensibo sa mga nagawa na para sa wikang Mag-antsi. Kapansin-pansin din na wala pang malalimang pagsusuri sa istruktura at iba pang katangian ng wikang ito.

Dito papasok ang pag-aaral na ito. Layunin nito na makapagbigay ng mas masinsinang pagsusuri sa wikang Mag-antsi. Hangarin din nito na sa pamamagitan ng mas detalyadong gramatikal na deskripsyon, makikita ang mga katangian ng wikang ito.

Ang gramatikal na deskripsyon na ito ng wikang Mag-antsi ay nahahati sa tatlong pangunahing bahagi: (1) phonology; (2) morphology; at (3) syntax ng mga sentence na verbal at non-verbal.